# Plano sa Pagtataguyod ng mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Prepektura ng Shiga: Ika-2 Rebisyon (Balangkas)

## ～ Nilalayon ang pagkakaroon ng isang Shiga na kung saan ang lahat ng mamamayan ay pinahahalagahan ～

### Unang kabanata: Rebisyon ng Plano

Sa Prepektura ng Shiga, sinisikap isulong ang sistematikong pagtaguyod ng mga patakaran sa karapatang pantao batay sa "Plano sa Pagtataguyod ng mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Prepektura ng Shiga". Ang planong ito ay nagsisilbing mas konkretong anyo ng "Mga Alituntunin sa Paglikha ng Lipunang may Paggalang sa Karapatang Pantao ng Shiga" at "Mga Pangunahing Patakaran sa mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Shiga", na ibinalangkas upang makamit ang pangkalahatang pagsulong ng mga patakaran sa karapatang pantao.

Sa liwanag ng kamakailang pagpapatupad ng iba't ibang mga batas at ordinansa na malapit na nauugnay sa karapatang pantao tulad ng "Batas sa Pagtaguyod ng Eliminasyon ng Diskriminasyon sa *Buraku*", paglitaw ng mga paglabag sa karapatang pantao na may kaugnayan sa COVID-19, paglala ng mga paglabag sa karapatang pantao sa Internet, lumalagong interes sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlan ng kasarian (gender identity), at iba pang mga pagbabago sa mga kalagayang panlipunan, pati na rin bilang tugon sa mga isyung natukoy sa mga resulta ng mga survey sa kamalayan ukol sa karapatang pantao ng mga residente ng prepektura, nirepaso ang nakaraang plano at binuo ang "Plano sa Pagtataguyod ng mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Prepektura ng Shiga: Ika-2 Rebisyon".

Ang plano ay ipapatupad mula sa taong 2024 hanggang 2028 (sa loob ng 5 taon).

### Ika-2 Kabanata: Pangunahing Pananaw ng Plano

**Lipunang nagpapahalaga sa buhay ng tao at kung saan maaaring manirahan nang tiwasay**

Nilalayong maipamana sa hinaharap na henerasyon ang isang lipunang may masaganang kalikasan at may paggalang sa karapatang pantao, kasabay ng pagsasakatuparan ng isang lipunang nagpapahalaga sa buhay ng tao at kung saan tayo ay maaaring manirahan nang tiwasay at walang panganib sa ating pag-iisip, katawan, at pamumuhay.

**Lipunang nagbibigay-halaga sa katangian ng bawat tao**

Nilalayon ang pagsasakatuparan ng isang lipunan kung saan maaaring umunlad ang lahat, maipapakita ng bawat mamamayan ang taglay nilang potensiyal at kakayahan, at makapamumuhay ang lahat nang may layunin at may paggalang sa pagkakaroon ng pagkakaiba sa pagkatao ng bawat isa.

**Lipunang namumuhay nang magkasama at kinikilala ang pagkakaiba-iba ng bawat isa**

Nilalayon ang pagsasakatuparan ng isang lipunan kung saan magkasamang makapamumuhay ang lahat nang pantay-pantay at kinikilala ang pagkakaiba-iba ng bawat tao, tulad ng pagkakaiba sa

henerasyon at kultura, sa pamamagitan ng paggalang, pag-uunawaan at pagdadamayan sa isa't isa.

**Lipunang may kooperasyon at nagtutulungan**

Nilalayon ang pagsasakatuparan ng isang lipunang nagtutulungan kung saan: ang mga mamamayan ng prepektura, sari-saring mga organisasyon, kumpanya, at ahensiya ng gobyerno ay sama-samang nagtatrabaho, habang isinasagawa ang kani-kanilang tungkulin at ginagamit ang kani-kanilang katangian, upang makamit ang isang masaganang Shiga; ang mga karapatang pantao ay iginagalang; at ang mga tao ay masigla at aktibong namumuhay.

## Ika-3 Kabanata: Pagtaguyod ng mga Patakaran sa Karapatang Pantao

- Pagtaguyod ng pangangasiwa ng gobyerno mula sa pananaw ng paggalang sa mga karapatang pantao sa lahat ng larangan.
- Para sa mabisang pagpapatupad ng mga patakaran sa karapatang pantao, ang mga kaugnay na organisasyon ay magtutulungan para sa malawakang pagtaguyod ng mga ito.

### 《I Pagtaguyod ng mga pangunahing patakaran》

**1. Pagtaas ng kamalayan sa karapatang pantao - Pagturo / kabatiran**

- Pataasin ang kamalayan sa karapatang pantao at kasabay nito ay palalalimin ang pang-unawa ukol sa mga pangunahing prinsipyo nito.
- Pagtaguyod ng saloobin na nagbibigay-daan sa bawat isa na ipakita ang kanilang sariling kakayahan upang makamit ang kaganapan ng sariling potensiyal sa pamamagitan ng sariling pagsisikap.
- Ang lahat ay matututong kilalanin ang iba't-ibang uri ng personalidad at prinsipyo, at mag-isip at kumilos ayon sa pananaw ng ibang tao.
- Paglikha ng isang lipunan kung saan inuudyok ang kusang/sariling pag-aaral.
- Ang pagturo ng karapatang pantao ay aktibong isusulong sa iba't ibang lugar: sa tahanan, sa paaralan, at sa lokal na komunidad.
- Pagsulong ng mga mabisang hakbangin upang pataasin ang kabatiran sa karapatang pantao gamit ang iba't ibang pagkakataon para ang bawat indibidwal ay magkaroon ng pananaw ng karapatang pantao na humahantong sa kongkretong pagkilos.

**2. Lunas para sa mga paglabag sa karapatang pantao - Pagpapabuti ng sistema ng pagsangguni at suporta**

- Pagsuporta sa pagtatag at pamamahala ng isang komprehensibong serbisyo ng pagsangguni.
- Ganap na pagpapatupad ang isang dalubhasang serbisyo ng pagsangguni.
- Pagtrabaho upang ang mga ahensiya ng pagsangguni ay maaaring makipagtulungan sa isa't isa.

- Pagtrabaho upang maipabatid sa higit na maraming tao ang serbisyo ng pagsangguni.
- Pagtrabaho upang mapabuti ang kwalipikasyon ng mga tagapayo at palakasin ang sistema.

## 《II Pagsulong ng mga hakbangin ayon sa larangan》

**1. Mga kababaihan**

- Paggalang sa karapatang pantao at pagsasakatuparan ng ligtas at matiwasay na pamumuhay
- Pagsulong ng makabuluhang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian sa lahat ng larangan
- Pagsasakatuparan ng iba't ibang paraan ng pamumuhay at pagtrabaho ng bawat indibidwal
- Pagpapalaganap ng kamalayan ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian
- Pagtaguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin na may kaugnayan sa isa't isa

**2. Mga kabataan**

- Pagsuporta sa pagpapalaki ng bata at pagiging magulang sa buong lipunan
- Pagsulong ng kapakanang panlipunan (social welfare)
- Malusog na pagpapalaki ng mga bata/kabataan
- Pagtugon sa suliranin ng hindi pagpasok sa paaralan, atbp.
- Pagtugon sa suliranin ng bullying
- Pagtaguyod ng suporta sa mga pamilya kung saan nag-iisa ang magulang (single parent)
- Pagtaguyod ng mga hakbangin laban sa kahirapan ng kabataan
- Pagtaguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin na may kaugnayan sa isa't isa

**3. Mga matatanda**

- Paglikha ng lipunan kung saan ang lahat ay magkasamang makapamumuhay at makapagtatrabaho nang may sigla
- Paglikha ng komunidad kung saan ang mga taong may demensya (ulyanin) at ang kanilang mga pamilya ay maaaring mamuhay nang tapat sa kanilang sarili
- Paglikha ng sistema upang suportahan ang pamumuhay ng mga tao
- Pagtaguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin para sa mga matatanda

**4. Mga taong may kapansanan**

- Paglika ng lipunan kung saan ang lahat ay magkakasamang namumuhay
- Pamumuhay nang magkakasama
- Pag-alaga at pag-aral nang magkakasama
- Pagtrabaho nang magkakasama
- Aktibong namumuhay nang magkakasama
- Komprehensibong pagtaguyod ng mga hakbangin para sa mga taong may kapansanan

**5. Diskriminasyon sa *buraku* (suliranin ng panlipunang integrasyon)**

- Pagturo at kabatiran tungo sa tamang pag-unawa at pagkilala sa suliranin ng panlipunang integrasyon at sa pagbuo ng saloobing may paggalang sa karapatang pantao
- Suporta para sa paglikha ng maunlad na komunidad at mga mamamayan
- Pagtugon sa mga post na nagdidiskrimina sa Internet, atbp.
- Pagtigil sa mga palsipikado o huwad na panlipunang integrasyon
- Pangkalahatang pagtaguyod ng pangangasiwa ng gobyerno tungo sa panlipunang integrasyon

**6. Mga dayuhan**

- Suporta sa komunikasyon na nagreresulta sa pagkakaunawaan
- Suporta sa pamumuhay nang matiwasay
- Suporta para sa pagtagumpay ng dayuhang manggagawa
- Pagpapalaki ng mga dayuhang mamumuno sa susunod na henerasyon
- Paglikha ng komunidad kung saan aktibo at magkasamang namumuhay ang mga taong may iba't-ibang kultura
- Pagtaguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin para magkasamang makapamuhay ang mga taong may iba't-ibang kultura

**7. Mga pasyente**

- Pagpapanatili ng sistema ng pagkakaloob ng kapakanang medikal
- Pagkakaloob ng ligtas at maaasahang serbisyo sa kapakanang medikal
- Pagpapalaganap ng wastong kaalaman sa publiko, atbp.
- Pagpapabuti ng suporta sa mga pasyenteng may sakit na walang lunas
- Pagtaguyod ng mga komprehensibong hakbangin para sa kalusugan, pagpapagamot, at kapakanan ng tao (welfare)

**8. Mga biktima ng krimen, atbp.**

- Suporta sa pagbalik sa mapayapang pang-araw-araw na pamumuhay
- Paglikha ng lipunang sumusuporta sa mga biktima ng krimen, atbp.

**9. Mga taong tapos na ang sentensiya, mga taong nasa probasyon, atbp.**

- Pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa pagitan ng pambansang pamahalaan, lokal na pamahalaan, pribadong organisasyon, atbp.
- Pagsiguro ng trabaho at pabahay
- Pagpapabuti ng suporta sa pangangalagang pangkalusugan at sa kapakanan nila (welfare)
- Pag-iwas sa delingkuwensya at pagbigay ng suporta sa edukasyon para sa muling pagbalik sa lipunan
- Pagsulong ng mga aktibidad ng mga katuwang sa pribadong sektor, at pagtaguyod ng ugnayang pampubliko at kabatiran

**10. Sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian (gender identity)**

- Pagsulong ng edukasyon at kabatiran upang mapataas ang pag-unawa sa seksuwal na pagkakaiba-iba
- Pasulong ng mga hakbangin upang suportahan ang mga apektado, tulad ng pagtatag ng sistema ng pagsangguni

**11. Mga paglabag sa karapatang pantao sa Internet**

- Edukasyon at kabatiran upang maiwasan ang mga paglabag sa karapatang pantao sa Internet
- Pagtugon sa mga bidyo o nakasulat na post na nagdidiskrimina, paninirang-puri, atbp.
- Pagsulong ng mga hakbangin kasama ng pambansang pamahalaan, mga kaugnay na organisasyon, atbp.

**12. Mga bagong nakakahawang sakit (gaya ng COVID-19)**

- Pagpapalaganap ng tamang kaalaman
- Edukasyon at kabatiran
- Pagpapabuti ng mga sistema ng pagsangguni at suporta

**13. Pagsasalitang naghahayag ng pagkasuklam (hate speech)**

- Edukasyon at kabatiran upang mawala at maiwasan ang pagsasalitang naghahayag ng pagkasuklam
- Pagtugon sa pagsangguni kasama ng tulong ng pambansang pamahalaan, mga kaugnay na organisasyon, atbp.

**14. Panliligalig (harassment)**

- Edukasyon at kabatiran upang maiwasan ang panliligalig
- Pagbuti ng pagtugon sa pagsangguni kasama ng tulong ng mga kaugnay na organisasyon

**15. Suliranin sa karapatang pantao sa oras ng kalamidad**

- Pagpapalakas ng sistema ng suporta sa paglikas ng mga taong may espesyal na pangangailangan
- Pagtaguyod ng ugnayang pampubliko, edukasyon, at kabatiran
- Pagtaguyod ng komprehensibo at sistematikong mga hakbangin na may kaugnayan sa isa't isa

**16. Pangangalakal ng tao (human trafficking: sapilitang serbisyong sekswal, pagtrabaho, atbp.)**

- Edukasyon, kabatiran, at suporta sa pagsangguni upang mapigilan ang pangangalakal ng tao

**17. Mga katutubo ng Ainu**

- Edukasyon at kabatiran upang palalimin ang pag-unawa sa mga katutubo ng Ainu

**18. Mga biktima ng pagdukot, atbp.**

- Edukasyon at kabatiran upang palalimin ang interes at kamalayan tungo sa paglutas ng isyu ng pagdukot

**19. Proteksyon ng personal na impormasyon**

- Edukasyon, kabatiran, at pagpapaalam sa publiko ng tungkol sa serbisyo ng pagsangguni upang maiwasan ang mga paglabag sa karapatang pantao dulot ng pagtagas ng personal na impormasyon, atbp.

**20. Iba pang mga isyu sa karapatang pantao**

- Kalungkutan at pagkakabukod
- Pagpapakamatay
- Pag-iwas sa tao at komunidad (*hikikomori*/social withdrawal)
- Pagkagumon (addiction)
- Mga taong walang sariling tahanan (homeless)

## Ika-4 Kabanata: Sistema ng pagtaguyod

1. Pagtrabaho upang isulong ang komprehensibo at mabisang mga hakbangin sa karapatang pantao habang tinitiyak ang pakikipagtulungan at kooperasyon ng mga kaugnay na mga departamento na nakasentro sa punong-tanggapan ng Pagtataguyod ng mga Hakbangin sa Karapatang Pantao ng Prepektura ng Shiga.
2. Pagbigay ng suporta sa pagsasanay ng mga taong nasa propesyon na may malalim na kaugnayan sa karapatang pantao, at pagkalat ng impormasyon ukol dito.
   (mga empleyado ng gobyerno, mga tagapagturo sa paaralan, mga tagapagturo sa lipunan, mga nagtatrabaho sa larangang medikal, mga nagtatrabaho para sa kapakanan ng tao (welfare), mga bumbero, mga pulis, mga may kinalaman sa mass media)
3. Pagkikipagtulungan at kooperasyon kasama ng pambansang pamahalaan, mga lokal na pamahalaan, mga kumpanya, mga pribadong organisasyon, atbp. upang ipagpatuloy ang mga komprehensibong hakbangin habang ginagampanan ang sari-sariling tungkulin.

**Civil Liberties Promotion Division**
**General Planning Department, Shiga Prefecture**
4-1-1 Kyo-machi, Otsu City, Shiga Prefecture 520-8577
TEL: 077-528-3533　FAX: 077-528-4852
E-mail: cf00@pref.shiga.lg.jp
URL: https://www.pref.shiga.lg.jp/ippan/kurashi/zinken/